

Chapter One



“**M**adilim ang langit sa kanluran. Sigurado akong aabutan kayo ng ulan sa daan,” wika kay Arianne ni Nanang Gilda, pinsang ikatlo ng kanyang ina. Nakatayo ito sa tabi ng bintana at nakatanaw sa labas.

She smiled sorrowfully bagaman hindi iyon nakikita ng babae. Kung nagdidilim ang langit ay tiyak na nakikidalamhati lang ito sa kanya.

“Bukas na ako pupunta sa farmhouse, Arianne. Gusto ko ding masilip si Don Arellano.”

Tumango lamang siya. And she released air from her lungs to suppress her tears. Hindi pa nagsisimula ang huling bahagi ng final examinations nila kanina nang isang malungkot na balita ang kanyang natanggap. She raised her face. At sa pagtingala ay sabay na inalala ang isa sa magagandang sinabi sa kanya ni Don Arellano...

“Lolo!” tawag ng labing-apat na taong gulang na si Arianne sa matanda.

“Arellana, apo ko! O, wag ka nang iiyak mula ngayon. Mabilis lang ang oras. Babalik din agad ang prinsipe mo,” alo nito sa kanya.

“He’s not my prince anymore, Lolo...”

Tumawa ang kanyang abuelo. “Naku, mukhang mahihirapan si Miko na suyuin ka pagbalik nito,” wika nito saka masuyo siyang niyakap...

“Arianne, heto na marahil ang hinihintay mo,” narinig niyang wika ni Nanang Gilda pagkalipas ng mahabang sandali. Tumayo siya at kaagad na tinungo ang pinto. Sinundan ng tingin ang hinahayon ng mga mata ng tiyahin.

“Siya na nga po ’yan,” pagkumpirma niya bago lumabas.

Ilang sandali pa ay tumigil ang isang asul na *Honda City* sa tapat ng bahay nila. Nakababa na ang sakay nito nang buksan niya ang gate.

She immediately saw the sadness in his eyes bagaman ngumiti ito nang lumapit sa kanya.

“Arianne...” Miko acknowledged as he hugged her. “Kanina ka pa naghihintay?” tanong nito nang pakawalan siya.

“H-hindi... naman,” she answered, forcing a normal tone. “Pumasok ka.”

Kasunod niya ang binata nang pumasok sa kanilang bahay. Kaagad nitong niyakap si Nanang Gilda. May isang taong mahigit din na napatira noon sa kanila si Miko at ang matandang babae ang nag-alaga sa kanila.

“Aalis na ba kayo agad? Malayo ang ibiniyahe mo, Hijo, bakit hindi ka muna kumain?”

“Hindi na po, 'Nang. Busog pa naman ako.”

“Lalakad na po kami, 'Nang, habang may liwanag pa,” wika niya at dampot na ang bag. Tumango ang babae. Kinuha ng binata ang kanyang bagahe at nagpatiuna palabas.

“Miko, ingat sa pagmamaneho. Ikaw na ang bahala kay Arianne,” narinig niyang bilin ng tiyahin bago siya sumakay sa passenger seat. He placed her luggage in the backseat beside his. Sumakay na rin ito.

“Magtatagal ka ba sa farmhouse?” di-napigilang tanong ng dalaga at sinulyapan ang bagahe nito sa likod. Nagtatrabaho sa Maynila si Miko.

“One week ang paalam ko,” sagot nito na ini-start muli ang makina ng kotse. Nilingon siya nito. “Makakauwi ba sila Tito Daniel at Tita Sandra?”

Tumango siya. “Bukas ay susunduin ko sila sa terminal ng San Carlos.” Kapwa nagtatrabaho sa ibang bansa ang mga magulang niya. Isang engineer ang kanyang ama. Nang doce años naman siya ay sumunod ang kanyang ina roon at nagtatrabaho bilang office staff sa isang oil company.

“Kumusta ka nga pala?” masuyong tanong ng binata sa kanya.

“Okay naman.”

“Thank you, Arianne. I know you've been

always there for my family especially for Lolo.”

“Miko, don’t mention it. Lolo ko rin naman siya,” sagot niya.

“Yes,” he replied. “Of course.”



Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Miko. Mahigit isang taon na mula nang ma-diagnose na may brain tumor si Don Arellano Llamanzares.

In his late sixties, he had undergone operations and series of treatments. They all wanted to take him abroad para roon ipagamot, pero mariin ang pagtangga nito.

Two weeks ago nang ma-confine muli ang matanda. Ayon sa kanyang ina ay nag-collapse ang abuelo at iyon ang labis niyang ipinag-aalala. He wanted to stay by his side, but he couldn’t just leave his work.

Gayunma’y hindi niya nakaliligtaang tawagan ang ina sa bawat pagkakataong nalilibre siya upang kumustahin ang matanda.

Seven years ago, ipinasya niyang sa Maynila na ituloy ang pag-aaral pagkatapos ng tatlong semestre ng Management course na nauna niyang kinuha sa pribadong kolehiyo sa bayan ng San Carlos. He graduated more than two years ago yet his degree did not have anything to do with his job.

Pitong taon. Pitong taon na tiniis niyang malayo sa hometown. More than three hours drive ang San Carlos from Manila. Pero nagagawa niyang umuwi kapag semestral break at kung may espesyal na okasyon. Subalit kanina ay pinilit niyang makakuha ng mahabang leave mula sa trabaho, sa gitna ng maraming commitments. Bagaman hindi isang okasyon ang dahilan ng kanyang biglaang pag-uwi. Pumanaw na ang ama ng San Carlos.

He sighed at the thought and remembered his last conversation with his grandfather...

“You left for a particular reason, Miko, and because of that same grounds, you’ll be back here in San Carlos. Maniwala ka sa akin, matatagpuan mo ang hinahanap mo, dito mismo sa teritoryo ng iyong abuelo...” malaman na pahayag ni Don Arellano na kung pakikinggan ay tila wala itong iniindang karamdaman.

“What do you mean, Lolo?”

“Hindi ang kasikatan ang magpapaligaya sa ‘yo, apo ko,” wika nito. *“At kung kayamanan ang kailangan mo ay nariyan na. What else are you searching for? I have left you more than enough to secure your future...gan’undin ng magiging pamilya mo. I love you, Grandson, and I only hope for your happiness...”*

As far as he knew, pag-aari ni Don Arellano ang

halos limampung porsyentong bahagi ng bayan ng San Carlos. At sa lupain nito, pinakamalawak ang sakop ng *Arellano Farm*. Kasama ng nabanggit na farm, ipinamana sa kanya ng abuelo ang thirty-five percent ng kabuuang seventy percent of shares and stocks sa kompanyang ito rin ang nagpasimula, ang *Arellano Llamanzares Food Manufacturing Corporation*. Don Arellano just made sure there would be no issue about the inheritances he would leave, kaya malakas pa man ito ay ipinamamahagi na ang mga pag-aari.

“He was a strong person, wasn’t he?” pukaw ni Arianne sa pag-iisip niya. He glanced at her. “Pain did not defeat him, spiritually. And he believed in second life,” dagdag nito.

Nakita ni Miko ang malungkot nitong ngiti. Kahit hindi nito sabihin, alam niyang masakit din para rito ang paglisan ng matanda.

“Kung may ipagpapasalamat man ako sa nangyari ay natapos na rin ang paghihirap ng Lolo.”

Marahang tumango ang dalaga. Nasa Maynila pa man siya ay mahigpit na ang bilin ng kanyang inang si Cristina na sunduin niya si Arianne sa bahay nito para sabay na silang tumungong farmhouse. He was more than obliged. Iyon ang unang beses na naisakay niya si Arianne sa kotseng na-afford niya sa kinita mula sa trabaho.

He glanced at her again. Napangiti siya nang lihim. “Been two weeks since I last saw you, at sa tingin ko’y lalo kang gumanda,” di-napigilang pahayag niya.

“Miko,” marahang saway nito, “wrong timing ’yang pambobola mo.”

“Arianne, nalulungkot ako sa pagkawala ni Lolo. But it doesn’t mean that I’m not allowed to say what I wanted to say.”

“Kaya kabi-kabila ang nali-link sa ’yo... dahil bolero ka...”

“Crap.”

“Bakit, hindi ba totoo? Don’t tell me na wala kang girlfriend sa Manila?” she asked distantly.

“I *had*,” he stressed the last word. “Pero hindi kita binobola. You really are beautiful, Arellana.”

She scowled. He knew that she did not want to be called that way. Isinunod ng mga magulang ng dalaga ang pangalan nito sa kanyang Lolo Arellano.

He glanced at her. She was silent. Nakita niyang inihilig nito ang ulo sa sandalan. Nagdidilim na at wala ni isang bituin sa langit. Itinuon niya ang pansin sa daan.



Nagsisimulang pumatak ang ulan nang sapitin nina Miko at Arianne ang cathedral. Tinungo nila ang chapel kung saan nakaburol ang kanilang lolo.

At katulad ng inaasahan ay marami nang tao ang naroroon.

Ipinarada ni Miko ang kotse nito sa ilalim ng malaking puno. Pasado alas diez kaninang umaga nang pumanaw si Don Arellano at nakarating kaagad ang balitang iyon sa buong San Carlos. Bago maggabi ay alam na rin iyon ng katabing bayan at lahat ay gustong makita sa huling sandali ang mabait na matanda.

Sinalubong sila ni Cristina, ina ng binata. Anim na taong gulang lang daw noon si Miko nang pumanaw ang ama nitong si Jaime sa isang aksidente. Si Jaime ang pangalawang anak ni Don Arellano.

Kasunod ng biyuda ang dalawa pang anak na babae ng matanda, sina Helen at Olga. Umiiyak ang mga ito na yumakap sa kanilang dalawa. And she couldn't suppress her tears from falling.

Sa harapan ay naroroon ang mamahaling wooden casket ng Don. She was slightly astonished when she felt Miko took her hand to motion her toward the coffin.

Hindi iyon ang unang beses na naghawak sila ng kamay. During their childhood days, magkahawak-kamay nilang tinatakbo ang tulay ng San Carlos at bumababa sila ng burol para maligo sa ilog. But feeling his fingers entwined with hers,

parang gusto niyang manibago. It was electrifying. Gayunma'y hinayaan na lamang niya ito hanggang sa makarating sila sa kinalalagakan ng mga labi ng matanda.

She immediately looked down at Don Arellano's lifeless face. She had just prepared herself with that situation. Pero hindi pa rin siya makapaniwalang nasa loob na lang ng casket ang abuelo.

Guwapo ang kanyang lolo. Nagmana rito si Miko. At pati ang talento sa pag-awit ay rito rin nakuha ng huli.

Tiningala niya ang binatang katabi. Sadness filled his eyes bagaman hindi umiiyak. She freed her hand from his hold at hinawakan ito sa balikat.

“It's okay to cry, Miko.”

Ngumiti ito. “Yes, pf course.” Muli nitong kinuha ang kamay niya at ikinulong sa palad nito. Hanggang sa umalis sila sa harapan ay hawak pa rin siya ng lalaki sa kamay. Pilit siyang kumalas nang lumapit sa kanila si Cristina.

“Mayamaya ay umuwi na kayo sa villa para makapagpahinga,” wika ng biyuda sa kanila. Hindi kalayuan ang villa o farmhouse mula sa chapel.

“Okay lang, Ma,” sagot ni Miko. “Si Arianne na lang po ang iuuwi ko sa farmhouse dahil katatapos lang ng finals nila this sem. Siguradong pagod din siya.”

“Hindi, okay ako, Miko,” tanggi niya. “Okay lang ako, Tita. Kayo po dapat ang magpahinga. I learned from Tita Olga na hindi na kayo nakatulog kagabi pa.”

“Pero umidlip naman ako kanina pagkatapos na maiayos ang labi ni Papa. Sundin n’yo na lamang ako,” sabi nito. “At, Hijo...” baling nito sa anak, “tomorrow before lunch ay samahan mo si Arianne sa pagsundo sa mga Tito Daniel mo. Okay lang ba sa ’yo?”

Mabilis na tumango ang binata. “No problem, Ma.”



Napukaw ang diwa ni Arianne ng matunog na halik sa kanyang pisngi. She must be dreaming about her childhood days. Yes. Her childhood days. At iisang tao lang ang gumigising sa kanya sa pamamagitan ng halik. And that was Miko.

Kaagad siyang nagmulat ng mga mata nang pumasok sa isip ang pangalang iyon. Natagpuan niya ang sarili sa pamilyar na silid sa villa.

Subalit pagkilos ay saka lang niya natantong may katabi nga siya at nakayakap sa kanya.

“Wake up, my princess!”

“M-Miko..?” Mabilis siyang bumangon mula sa kama, tumayo at hinarap ito. “W-what are you doing here?” Her eyes flew to the door. “B-baka...”

may biglang... pumasok at makita ka...” she said nervously. Her heart automatically hammered her chest.

“Then I must lock the door.”

“Shut up!” Napigil niyon ang akmang pagbangon ng binata. “Miko, hindi ako nakikipagbiruan sa ’yo!”

Subalit hindi ito natinag. Nanatili itong nakahiga at iniunan pa ang ulo sa dalawang kamay.

“I used to wake you up by my kisses, remember?”

“For goodness’ sake! I’m no longer an eight-year-old kid!” Halos ay sumigaw na siya lamang ay nag-aalalang baka may makarinig sa kanya.

Hindi siya pinansin nito. He smiled tenderly at her.

“I missed you so much, Arianne!” pahayag nito. “Didn’t you miss me, too?”

“How would I? Lagi kitang nakikita sa TV!” naiinis niyang sagot.

Pumormal ito. “I doubt if you’re watching television. You’re too busy for that...”

“Oh, whatever! But please, get out of this room!”

Iniunat nito heavenward ang dalawang braso. “Ibangon mo ’ko kung gan’on.”

She inhaled sharply. “Nakahiga kang mag-isa

diyan, bumangon ka ding mag-isa mo!”

Ibinaba nitong muli ang mga kamay. “Hindi ako aalis...”

“Miko, ano ba? Kailangan mo nang lumabas, ngayon din. Wala akong panahon para sa mga biro mo.”

Nauubusan na siya ng pasensya, subalit tila bale-wala iyon sa lalaki.

“Then help me get up, Arianne,” kaswal na sagot nito.

She slightly groaned. At alumpihit na lumapit siya sa gilid ng kama. Muli nitong itinaas ang mga kamay na kaagad niyang inabot. She pulled harder at ibinangon si Miko.

Nagkasalubong ang mga tingin nila. He was wearing his irresistible smile. At lalong naging eratiko ang tibok ng puso ni Arianne sa pagkakatitig dito. Nang bigla ay hilahin siya ng binata at mabuwal sa kama kasama nito. Pinigilan niyang mapatili.

Tumawa ito samantalang nag-iinit ang mga pisngi niya. Paano ay bumagsak siya sa ibabaw nito sa isang awkward position. Ang mga kamay niya ay nakatuon sa dibdib ni Miko.

“Mabuway ka pa rin hanggang ngayon,” he said huskily with his arms around her waist. “Anyway, ilan lang naman ang nagbago tungkol sa ’yo.” His

eyes surveyed her face, down to her body. “Sando and short shorts make you look sexier even in your sleep.”

Sa nadinig ay nagpumiglas ang dalaga at nagpumilit makawala. Subalit sa bawat pagkilos niya ay lalo lang nagiging mahigpit ang pagkakahawak nito sa baywang niya. She even felt his skin brushed against her thigh. At lalong napapadiin ang ibabang bahaging iyon ng katawan niya sa tiyan ng binata.

“Miko, pakawalan mo ’ko. Isusumbong kita kay Tita—”

“Sino’ng tinatakot mo?” hamon nito.

Nagpumiglas ulit siya. “Miko, please, ayoko nang ganitong biro. Hindi na nakakatuwa,” saway niya na binabaan nang bahagya ang tono at tumingin dito nang seryoso.

He studied her. At saka lang tila nabatid na talagang wala siyang panahon sa mga biro nito. When he released her, she got up quickly. Bumangon na rin ito.

“Bumaba ka na. Nakahanda na ang breakfast.”

Pagkasabi niyon ay tumalikod si Miko at lumabas ng silid. Hanggang sa makalabas ito ay natutulala pa rin siya.



May ilang minuto nang naghihintay si Miko sa

labas sa tabi ng kanyang kotse nang maramdaman niya ang paglabas ni Arianne. Nanuot sa kanyang ilong ang mabining amoy ng cologne nito. Nilingon niya ang dalaga.

Silang dalawa lamang kanina ang magkasalo sa agahan, subalit alam niyang wala itong balak na kibuin siya. Alam niyang upset ito sa nangyari kanina sa silid nito. He smiled at the thought. Naalala niya ang buhok nitong nakasabog sa unan at ang kumot nitong natipon lahat sa paanan.

Noon pa ma'y hindi nito gusto ang natatakpan ang mga binti. Katuwiran ng dalaga ay naiinitan ito. Kaya naman madalas sa mga lakaran ay maiiksing bestido ang suot kung hindi man ay mga shorts. Not to flaunt her beautiful legs but it was where she felt comfortable. Katulad ngayon na nakasuot ito ng black denim shorts at yellow dress shirt.

Some things couldn't be changed. But that part of her anatomy... soft and fleshy as it pressed against his belly... he absently bit his lip and narrowed his eyes. Kasabay niyon ang pag-alinsangan ng kanyang pakiramdam.

“Let's go!” pukaw ng dalaga sa kanya. “Baka nasa terminal na sina Mommy at Daddy.”

“Yeah, sure...” sagot niya at muling ngumiti bago maagap na ipinagbukas ito ng pinto.

Chapter Two



“Dad! Mom!”

Halos takbuhin ni Arianne ang distansya sa mga magulang. Magkapanabay ang mga ito sa pagsalubong at pagyakap sa anak.

“Finally,” she said, teary-eyed. “Kaya lang ay sa ganito kalungkot na pagkakataon.”

“Hush, Hija, it’s okay,” alo ni Daniel dito.

Napansin ni Miko ang mangilan-ngilang pasaherong napapatingin sa kanilang gawi.

“Your grandfather must be happy now. I know, dahil matapang siyang tao.”

“Tama ang daddy mo, Arianne,” sabi ni Sandra, “It’s just so sad dahil mami-miss natin si Uncle Arellano. But this is the reality of life. Ang mahalaga ay naipakita mo kung gaano mo kamahal ang lolo mo noong nabubuhay pa ito.” She hugged her daughter. And later the older woman noticed him. Ngumiti ito. “Ikaw na ba ’yan, Miko?”

Kaagad naman siyang lumapit at yumakap sa mga bagong dating. “Kumusta po kayo?”

Umakbay si Daniel sa kanya. “Napakaguwapo naman nitong pamangkin ko. Kanino ka ba nagmana? Sa akin ba?”

Nagtawanan sila. “At sikat ka na ngayon.”

“Hindi naman po masyado, Tito.”

“Paanong magmamana sa ’yo si Miko, ha, Daddy? Hindi ka naman mestizo,” tudyo ni Sandra sa kabiyak. They laughed.

“Tara na nga kayo. Miko, may dala ba kayong sasakyan?”



“Kanina pa kita hinahanap. Bakit mo ba ’ko iniwan?” tanong ni Miko nang matagpuan si Arianne sa pantry na nasa right wing ng chapel. Bagaman hindi kalakihan ay kompleto ang mga amenities nito. Naglalagay siya ng mga cupcakes sa tray na ise-serve sa mga bisita.

“Oh, I’m sorry! Have you lost your way?” sarkastiko niyang sagot. Naiinis siya rito. Kanina ay sabay silang tumungo ng chapel, subalit pagbaba ay hinarang ang binata ni Desiree, ang kababata nila ni Miko.

“Why do I have this feeling that my presence is so annoying to you? Ayaw mo ba ’kong kasama, Arianne?” tanong nito habang matamang nakatingin sa kanya.

“Ano’ng gusto mo? Huwag na tayong maghiwalay?” she taunted.

“Exactly.”

“Really? Pero mas pinili mong sa Maynila mag-

aaral. "Tapos hindi mo gustong iwan ka. Sa umpisa pa lang ay ikaw na ang nang-iwan.."

Her hands inwardly shivered. Hinintay niya ang sagot nito, subalit hindi pinansin ni Miko ang mga pagpaparunggit niya.

"Tutulungan na kita," mayamaya ays sabi nito, sabay kuha sa isang tray at ginaya ang ginagawa niya.

Hindi ito pinigilan ni Arianne. Hindi na rin niya iginiit pa ang sinabi kanina. She was sure he did not want to talk about it.

Tahimik sila hanggang sa makabalik si Terry, ang unang apo ni Don Arellano at panganay na anak ni Helen. Ito ang kumukuha ng tray at nagsisilbi sa mga taong nasa loob.

"Kung hindi lamay ni Lolo, tiyak na dinudumog ka ng mga tao, Miko," wika nitong nakangiti bagaman namumugto ang mga mata. "May mga nagtatanong sa akin sa labas kung p'wede daw magpa-autograph sa 'yo?"

Umiling ang binata. "No, please, Terry. Pakisabing sa ibang pagkakataon na lang," sagot nito.

"Okay," anito na kinuha ang isang tray ng cupcakes at muling lumabas ng pantry.

Napatingin si Arianne sa lalaki. Pinupunasan nito ang tray gamit ang paper towel pagkatapos

ay maingat na inihanay ang mga cupcakes sa ibabaw niyon. Kung nakikita marahil ng ibang tao, particularly ng mga fans nito ang ginagawang iyon ni Miko ay lalo nila itong hahangaan.

Mahigit dalawang taon na nang mabalitaan niyang kabilang si Miko sa isang sing-and-dance all-male group na nagtatanghal sa isang programa sa telebisyon. Dahil may mga hitsura at magaganda pa ang katawan ay kaagad umagaw ng atensyon ang grupo mula sa mga viewers ng show.

At limang buwan na ang nakararaan nang gawin ang una at malaking endorsement ng grupo. Kapag nasa bahay at may panahong manood ay lagi niyang inaabangan ang paglabas ng commercial.

Pumasok sa pantry si Desiree na kaagad lumapit sa binata at sinabing kanina pa ito hinahanap.

“My mom wants to see you,” wika ng babae bago hinila si Miko at naiwan siyang mag-isa.

Pasado ala una ng madaling-araw nang yayain siya ni Tammy, bunsong anak ni Helen upang sumabay na rito sa pag-uwi. Batid niyang nasa farmhouse din ang mga anak nito.

May sariling bahay sa isang newly-developed subdivision sa katabing barrio sina Helen at Ramil, mga magulang nina Terry at Tammy. Subalit pareho nang may pamilya ang dalawang babae. Sina Olga at Gino naman ay may bahay rin na halos nasa

dulo ng lupain ng Llamanzares. Anak ng mga ito si Samantha, pinakabatang pinsan ni Miko.

Miko. Nasakay na siya ng kotse ay ito pa rin ang nasa isip niya. Hindi niya alam kung nasaan na ang binata matapos sumama kay Desiree. Pagdating sa farmhouse ay kaagad siyang nagpalit ng sando at shorts.

Kahit gusto niyang hintayin ang pagdating ng lalaki ay tinatalo na siya ng antok. Gusto niyang mainis sa sarili. Pangalawang araw pa lang mula nang dumating si Miko, pero tila nasasanay na naman siyang lagi itong nasa tabi lang niya.

He was wrong in accusing her that his presence annoyed her. Hindi man niya gustong aminin pero malulungkot siya kapag bumalik na muli ito sa Maynila.

White ruffled dress ang isinuot ni Arianne sa libing ni Don Arellano. Binagayan niya iyon ng cream flats. She tied her hair. Paglabas ng villa ay naghihintay na sa kanila ang van.

“Nauna na si Ate Cristina sa cathedral. Kasama niya si Miko,” anunsyo ni Olga. Isa-isa na silang sumakay sa van. Pagkarating sa cathedral ay kaagad na hinanap mga mata niya si Miko.

May ilang minuto ang lumipas nang matanaw niya ang binata na patungo sa likod ng chapel.

Something told her to follow him so she did.

Sa ilalim ng malaking puno ng mangga ay nakita niyang nakatayo ito at nakatingin sa kawalan.

Makulimlim ang paligid na tila nagbabadya ng pag-ulan. But looking at him, tila dala nito ang liwanag ng sikat ng araw. He was still as handsome as in his sideview. Nakasuot ito ng puting long-sleeves na nagpatingkad pang lalo sa kakaibang karakter na mayroon ito. He was as fair and flawless as how he appeared on television screen.

For her, ang pagiging mestizo ng isang lalaki ay nakakabawas sa masculinity nito. She had few crushes and all of them were dark, lalaking-lalaki ang tingin niya. Pero nag-iba ang pananaw niya habang nakatitig kay Miko.

Marahan siyang lumapit. Walang ibang tao sa paligid. Lahat ay pawang nasa loob o kaya ay nasa labas sa harapan. Nag-isip muna siya kung tatawagin ba ito o lilikha ng bagay na tatawag na lang sa atensyon ng binata. Ginawa niya ang una.

“Miko...” Tila nilunod ng biglang pag-ihip ng hangin ang tinig niya. Subalit bago pa niya ulitin ang pagtawag ay lumingon lalaki. She knew he tried to hid the sadness by the smile. He walked briskly toward her.

“G-gusto mo bang... mapag-isa?” maingat na tanong niya.

Kaagad itong umiling. “No. Please stay.” At

pagkasabi niyon ay niyakap siya nito.

Kadamay. Iyon ang kailangan nilang parreho. Mga apo silang nagmamahal kay Don Arellano. Bagaman hindi siya lumaki sa piling ng matanda ay napakalapit ng loob niya rito. At si Miko naman ang pinakamamahal nitong apo.

Sandali pa'y narinig ni Arianne ang mahinang pag-iyak ng binata. Naramdaman niya ang pagyugyog ng mga balikat nito, kaya maging siya ay napaiyak.

A few nights had passed and he never shed a tear. Pinagtakhan pa nga niya na hindi man lang ito tumangis. At ngayon ngang ililibing na si Don Arellano ay bumigay na ito. She knew how he loved the old man.

Hinayaan niya itong umiyak at siya naman ay ganoon din. Ilang minuto ang lumipas bago sila kapwa kumalma. Nauna siyang kumalas dito. Pinahid niya ang luha gamit ang mga daliri. Kinuha ng binata ang puting panyo at iniabot sa kanya.

“P-paano ka..?” tanong niya dahil katulad niya ay nabasa rin ng luha ang mukha nito.

“We used to share some things, remember? Bakit hindi ang panyong ito?” wika nito kasabay ang unti-unting pagngiti.

She hesitated for a while before she took his hanky. Nang matapos ay ibinalik niya ulit ang

panyo rito. She could not control the feelings that rushed through her nang gamitin nito ang bahaging ginamit na niya. She was touched.



Natapos ang makasaysayang libing sa bayan ng San Carlos. Napakaraming tao ang nagsidalo. Punung-puno ng damdamin ang paghatid sa matanda sa mausoleo ng mga Llamanzares, sa gitna ng yumaong kabiyak na si Matilda at anak na si Jaime. Naroon din nakahimlay ang yumaong mga magulang nito na sina Martina at Arturo Llamanzares.

At bago isa-isang nag-alisan ang mga tao ay nagpasalamat ang mga naulila ng Don. Inanunsyo rin ni Helen na dalawang linggo mula ngayon, kaarawan ni Don Arellano, ay maghahanda ng isang malaking piging ang pamilya sa farmhouse at imbitado ang lahat.

Hindi naman nalimutan ni Daniel na dalawin ang puntod ng ina, si Mikaela. Ang labi ng lolo niyang si Lorenzo ay sa Bacolod nakahimlay. Sandali silang nag-alay ng panalangin at sabay-sabay tumungo sa van ni Gino.

Ilang minuto pa'y magkakasunod ang mga sasakyan na pumarada sa harapan ng villa.

Pababa si Miko ng hagdanan at paakyat naman si Arianne nang kapwa sila mapahinto. He smiled

at her, bagaman mababakas ang pagluha nito. Siya naman ay hindi napigilan ang pagsikdo ng dibdib.

Kung may pagbabagong naganap sa kanya nitong nagdaang mga araw ay hayun marahil. Hindi normal ang tibok ng puso niya sa tuwing magkakalapit sila ni Miko.

Itutuloy na lamang niya ang pag-akyat nang tawagin siya nito. Nilingon niya ang binata.

“M-may... sasabihin ka

“Actually...” May kinuha ito mula sa bulsa ng pantalon at ipinakita sa kanya.

Isang susi. Bahagyang kumunot ang kanyang noo.

“Hindi ko alam kung para saan ito,” he said then shrugged. “But Lolo left this to me more than a year ago. Itinanong ko nang ilang beses kung para saan ang susing ito but he said I would know... pag wala na siya.” Nagkalambong ang tinig nito sa mga huling salita.

She became curious. “Another inheritance?”

Nagkibit-balikat ang binata. “He had given me enough.”



Kung may nakapansin man sa kanilang pagpasok sa malaking silid ng namayapang abuelo ay hindi tiyak ni Miko. But he didn't mind at all. His curiosity was overpowering.

Bawat kagamitan, maliit man o malaki ay pawang mga antique. Lahat ng drawer sa tokador ay sinubukan niyang buksan subalit nalaman niyang hindi para roon ang susi. May malaking baul sa paanan ng antigong kama, ngunit hindi pa rin iyon ang hinahanap nila.

Hanggang sa mapansin niya ang isang side table na pinagpapatungan ng lampshade. Ang pinakaibabaw niyon ay off-shade sa natirang bahagi pababa, subalit kasukat na kasukat at kadisenyo ng mesita.

Nilapitan kaagad niya ang side table at inalis ang lampshade. Sinilip niya ang likod niyon at nakitang may nakalawit na maliit na padlock. Nilingon niya si Arianne na kaagad lumapit.

“Iyan na ba’ng hinahanap mo?” pabulong na tanong nito.

Sasagot pa lamang siya nang marinig ang tinig ni Mimi na tinatawag sila. Nagkatinginan sila ng dalaga. Mabilis na ibinalik ni Arianne ang lampshade sa dating puwesto. At siya ay inilagay sa munting bulsikot ang susi.

“Maybe next time,” mahinang wika niya.

“P-paano tayo lalabas? Baka makita nilang galing tayo dito,” nag-aalalang sabi nito.

Pinagpapawisan ito at halatang kinakabahan.

Hinawakan niya ito sa kamay at iginiya sa

pinto.

“Ako na lang ang bahalang magpaliwanag kung sakali,” aniyang hinigpitan ang hawak dito at marahang hinila palabas ang babae.

Nakarating sila sa hapag at walang anumang umupo upang sumalo sa meriendang nakahanda. Lahat ay naroroon na. They occupied the two empty seats. Katabi pa rin niya si Arianne.

“Saan kayo galing na dalawa?” tanong ni Cristina. “Hanggang ngayon marahil ay hinahanap pa kayo ni Mimi.”

Ramdam ni Miko na ang mga matang nakatingin sa kanila. Palihim niyang sinulyapan si Arianne na nakatingin naman sa kanya.

“Sa... labas po nagpahangin...” he croaked, then took the glass of juice and drank.

“Pero doon kayo unang hinanap ni Mimi,” ani Helen, larawan ito ng pagtataka. “At mukhang pinagpawisan pa kayo pareho.”

Muntik na siyang masamid sa huling sinabi ng matandang babae. Sinulyapan niyang muli si Arianne. He could almost sense her uneasiness.

“B-baka po n’ung nasa likuran pa kami ng van ni Tito Gino.”

“Hayaan na nga natin sila,” salo ni Olga. “Baka nami-miss lang nilang maglaro ng tagu-taguan,” biro nito, sabay kindat sa kanya.

Nagkatawanan ang lahat pati na rin siya. Si Arianne naman ay alanganing ngumiti.

“If I’m not mistaken, you will turn twenty-six this year, right, Miko?” wika ni Sandra. Naglaho nang tuluyan sa isip niya ang tungkol sa susi. Tumango siya bilang tugon dito.

“Wala ka pa bang ipinakikilalang girlfriend sa mama mo?” susog ni Daniel. Napangiti siya sa tanong ng ama ni Arianne. Sandali niyang nilingon ang dalaga sa tabi niya.

“Wala pa sa ngayon,” sabad ni Cristina bago pa siya makaisip ng isasagot. “Alam ko na mag-aasawa at magpapamilya si Miko nang sarili nito pero kung ako ang masusunod, ako ang pipili ng makakasama niya sa buhay.”

“But, of course, Mom would let me choose for myself, di ba, Ma?” Kinindatan niya ang ina na ngumiti naman sa kanya. He glanced at his side, walang reaksiyon ang katabi.

“By the way, Miko, wala ka na bang balak iwan ang telebisyon?” ani Olga, looking at him intently. “I mean, it’s about time na gamitin mo ang pinag-aralan mo sa kompanya ng pamilya,” wika nitong nilingon si Cristina na tumangu-tango.

“That’s right, Hijo! May vacancy sa marketing department, magagamit mo ang tinapos mo,” segunda ni Cristina.

Miko looked around to find that everyone was waiting for his answer. He smiled. “Well, guys, I know na hindi laging okay ang takbo ng career ng mga nasa entertainment industry. So, it is really in my plans to work for *ALFMC* in the future. But I want to take up my MBA first.”

“That’s good! Why not do it now, Miko? Bagaman nakikita kong nag-e-enjoy ka sa trabaho mo ay sayang din naman ang panahon,” ani Daniel.

“I agree with you, Tito. Pero may kontrata pa ako na dapat tapusin. As soon as it ends ay sisimulan ko na po. Gagawin ko bago ako mag-asawa.” Napangiti ang lahat lalo na si Daniel sa kanyang tinuran. He glanced at his side.

“What about you, Arianne?” untag ni Helen na nagpaangat sa mukha ng dalaga. Tumingin ito sa kanyang tiyahin. “Hindi mo ba naitatanong pa sa mommy at daddy mo kung p’wede ka nang mag-boyfriend?” banayad na tukso nito.

He saw Arianne smiled. “I’ve asked them about that, Tita Helen. At ang sagot ni Daddy, p’wede na daw kahit pa mag-asawa na ako. Basta lang bibigyan ko sila ng maraming apo.”

Daniel’s laughter filled the dining area. Nakitawa rin dito ang iba pa subalit hindi si Miko. Napatingin siya kay Arianne, ngunit nasa mga kasalo sa hapag ang paningin nito. Bigla ay gusto

niyang mainis sa itinatakbo ng usapan.

“Arianne, siyanga pala, hindi ba’t gusto mo rin na sa Maynila magtapos ng kolehiyo?” tanong ni Cristina mayamaya.

He frowned. Mabilis siyang napalingon sa katabing dalaga. Kita niya na natilihan ito.

“Talaga, Arianne?” he asked.

She hesitated for a while. “O-oh, well, that was a long time ago. Hindi na siguro kailangan. Tatal, maganda naman sa *West Hills College*.”

“Really? Why not, Hija? P’wede pa naman. And as far as I know, your grades will still be credited.”

Umiling-iling si Arianne. “Uhm... hindi na po. Okay na po ako dito. Well, unless sipain ako palabas ng *West Hills*.”

They laughed.



“Why so soon?” nanlulumong tanong ni Arianne. “Apat na araw pa lang kayo dito? Hindi man lang kayo mag-i-stay sa bahay. Naghihintay si Nanang Gilda.”

“Dadaan kami doon before we go back to Qatar. At nagkita kami ni Nanang Gilda mo sa burial. Nasabi ko na sa kanyang di kami magtatagal. We are sorry, Darling. One week lang ang aming paalam sa aming mga superiors,” paliwanag ni Daniel. Tumabi ito sa kanya at umakbay.

“Don’t be sad, Hija,” wika ng kanyang ina.
“In six months’ time ay uuwi ulit kami for your birthday, di ba?” Halatang pinasisigla nito ang tinig.

Tumango siya at pinilit ngumiti. “Okay,” aniya.
“Promise ’yan, ha?” Mayamaya ay bigla siyang pumormal. Naalala niyang hindi pa niya nauusisa sa mga ito tungkol sa titulo at sa lupa.

“Dad, what’s about that property Tita Helen talked to you about?” Kanina pa niya gustong itanong iyon sa ama. Nadinig kasi niya ang usapan ng mga ito at ng Tita Helen niya. Napatingin ito sa asawa. Nagkibit-balikat si Sandra.

“That property should be inherited by your lola. Pero hindi na iyon naibigay pa sa Inay dahil mas nauna itong pumanaw sa magulang nito.”



Chapter Three



Mula nang umuwi si Miko ay napansin na ni Marianne na halos maya't maya ang tawag na natatanggap nito.

“Babalik ka na ba ng Manila?” tanong niya rito isang umagang nagkaharap sila sa mesa. Nakauwi na noon ang mag-anak nina Helen at Olga sa kani-kanilang tahanan. Ang mga magulang naman niya ay nakabalik na ng Qatar.

“Gusto mo na ba 'kong umalis?” narinig niyang sagot nito.

She smiled faintly. “This is your house. Everyone knows it.” Buhay pa noon si Don Arellano nang hatiin nito ang mga ari-arian at ipamana sa mga anak at apo. Kabilang ang villa sa iniwan kay Miko bilang kaisa-isang apong lalaki at nagtataglay ng apelyidong Llamanzares.

“Kung tutuusin ay maaari na akong bumalik sa trabaho. Sa makalawa ay aalis ang Mama papuntang Hongkong kasama si Tita Olga. Magbabakasyon sila doon nang ilang araw. Sina Tito Sandra at Tito Daniel naman ay kahapon pa nakabalik ng Qatar.”

She silently shrugged.

“Pero dahil kukuhanin mo na lang ang class cards mo at sem break na kaya magtatagal pa ako,” anunsyo nito.

She felt her heart leaped. “P-paano ang show ninyo?”

“Ako lang naman ang nawala. Besides, a couple of days is not too long. Kaya ko pa ring humabol sa mga nakalinyang projects at guestings,” sagot nito saka tahimik na ipinagpatuloy ang pagkain. Hindi siya makaapuhap ng isasagot.

“Gusto mo bang samahan kita pagkuha ng class cards mo?”



Nagngingitian ang mga estudyante sa *West Hills Colleges*. Alam ni Miko na nakilala siya ng mga ito. May ilang lumapit sa kanya para magpa-autograph. May mga nagpa-picture. At lahat ay pinaunlakan niya.

Nakasandal siya sa pinto ng kotse habang hinihintay si Arianne. Paglabas ng dalaga ay nahalata na niya na malungkot ito.

“May problema?”

“Incomplete ang grades ko, Miko,” malungkot na balita nito.

“Why?” nagtatakang tanong niya. Alam niyang masipag mag-aral ang dalaga. Hindi ito nagpapabaya pagdating sa bagay na iyon. At

naikuwento pa sa kanya ng ina na minsan ay masayang-masaya ang babae nang bumisita sa farm. Paano'y nakakuha ito ng tres sa isang major subject. Then he remembered how he laughed at his mom's story.

Hindi pa siya nakakilala ng katulad ni Arianne. Simple, unassuming pero pinagsisikapan ang lahat ng bagay.

He wanted to think na nakaapekto sa pag-aaral nito ang nangyari kay Don Arellano.

He did not know what to say. Kinabig na lamang niya ito at niyakap sa gitna ng mga taong nakapaligid. Nagtilian naman ang mga ito.



Nakita ni Arianne nang iparada ni Miko ang sasakyan sa ilalim ng malaking puno. Kanina pa siya walang imik maliban na lang kung tanungin ng binata.

Hindi siya makapaniwala na bumagsak siya, dalawang major subjects pa. Gusto niyang mag-iiyak kanina sa opisina ng professor but she composed herself. Besides, naniniwala siyang hindi mareresolbahan ang problema niya sa pag-iyak lang.

Iginala niya ang paningin sa labas ng bintana. Pamilyar ang lugar na iyon. Siyempre pa, ilang metro mula sa pinagparadahan nila ay ang burol na

papuntang tulay ng San Carlos.

“Red River Valley...” anas niya at nilingon si Miko. He was smiling at her.

“Dito ka nagpupunta kapag masama ang loob mo, hindi ba?”

Napangiti siya. “I’m surprised...” she said softly. “At naaalala mo pa rin ang daan.”

“Of course,” sagot nito. “Sa nakaraang mga taon ay nagpupunta ako dito kapag umuuwi ako ng San Carlos... though it was sad to be alone...”

Bago pa siya makapag-react sa sinabi nito ay binuksan na ng binata ang driver seat at lumabas bago umikot sa gawi niya at ipinagbukas siya ng pinto. Marahan siyang bumaba.

Nang malanghap niya ang sariwang hangin ng San Carlos ay tila gumaan ang kanyang pakiramdam. She suddenly felt excited. Iginiya siya nito paakyat ng burol. Nadaanan nila ang mga talahib at iba’t ibang klaseng halamang ligaw at mga puno.

Mayamaya pa’y naroon na sila. Tinanaw niya ang kabilang ibayo. May ilang kabahayan na nakatayo. Pero ang tinutuntungan niya ay tulad pa rin ng dati, maliban na lamang sa naglakihan at nagsitandaan ang mga puno sa paligid at numipis ang mga damuhan. Pakiramdam niya ay bumalik sila sa kahapon. Na lahat ay kay gaan dalhin at

napakasimple ng buhay. She inhaled some fresh air.

“Wala akong naalalang nilakad natin ang tulay. We used to run back and forth, remember? At magkahawak-kamay,” paalala ni Miko.

“Pero hindi na natin matatakbo ito,” aniya na hindi nililingon ang kausap. Nagsimula siyang maglakad. Kasunod niya ang lalaki na nakaagapay sa baywang niya.

Nasa kalagitnaan sila ng tulay nang umihip ang malakas na hangin. Napatigil siya, sabay hawak kay Miko. She heard his husky laughter. Napatingala siya rito.

“Scared?” tanong nitong nakayuko sa kanya. “Hindi ka naman kayang ilipad ng hangin.”

Inalis niya ang pagkakahawak sa polo shirt nito. “Nagulat lang ako, okay?” depensa niya.

He flashed a playful smile. “Sinabi mo...” anitong muli siyang iginiya palakad.

Ilang sandali pa’y narating nila ang kabilang dulo ng tulay. Pakiwari ni Arianne ay kilo-kilometro ang haba ng kanilang tinawid. Nagpatiuna siya pababa ng burol.

May hagdang-lupa na ginawa upang daanan ng mga taong bumababa sa ilog. Nasa bahaging mabato na siya nang lingunin si Miko. She could not name what she saw in his eyes. Marahil tulad niya ay nasasabik din ang binatang balikan nila ang

bahaging iyon ng kamusmusan.



“Maliligo tayo?”

Arianne gaped at Miko, a bit of surprise with thrill was painted all over her face. He nodded, smiling. “Sayang ang pagkakataon, narito na rin lang tayo.”

“But we’re not ready. Wala tayong dalang damit pampaligo.” Niyuko nito ang suot na white denim shorts at light blue dress shirt.

“Okay na ’yan...” sagot niyang yumuko upang mag-alis ng sapatos saka isa-isang tinanggal ang butones ng short-sleeved polo shirt. Nang mahubad ay isinabit nito iyon sa isang sanga ng puno sa pampang at sunod na hinubad ang puting sando.

Napansin niyang nakamasid sa kanya ang babae. “Are you going to watch me undress?” he teased.

She blushed. “Of course not!” At tinalikuran siya nito. “Ikaw na lang ang maligo,” mahinang wika nito.

Hindi muna siya sumagot. He unzipped his jeans. Hinubad niya iyon at inilagay sa malaking bato.

“I’m done, Arianne,” sabi niya at lumapit dito.

Saka lang humarap muli ang dalaga. And he caught her eyes gazed at his body for a moment

bago nagbawi ng tingin.

“H-hihintayin na lang kita dito...” anito.

“That’s unfair, Baby!” wika niya, sabay hawak sa mga kamay ng dalaga at hinila ito papuntang tubig. Napatili ito nang mabasa ang mga paa. Niyuko niya ang flats nito at hinubad saka inihagis sa pampang sa tabi ng rubber shoes niya.

“Miko, stop it! Wala akong pampalit. Paano ako uuwi?” tili nito at pilit binabawi ang mga kamay sa kanya.

“Wear my shirt...”

“What?” bulalas nito. “No!” Napasigaw siya nang malapit na sila sa kalagitnaan ng ilog kung saan hanggang balik niya ang tubig. Isinabay niya sa paglubog ang dalagang nagpupumiglas pa rin kahit basa na. “Oh, my God!” tili nito nang sila ay makalutang. At tumawa na rin ito sa kabila ng pagpupumiglas nang una.

Of course, she would not miss the joy the river could bring to both of them. Naging takbuhan nila ang ilog sa mga pagkakataong napapagalitan sila sa kani-kanilang tahanan o kaya ay pag may problema sa eskuwela. At nalilimutan nila kapwa ang lahat ng sama ng loob kapag naliligo roon.

There was a certain magic in the river na kapwa nila pinaniniwalaan.

“It’s been a long time. Arianne,” he said, staring

at her. “You see? Nakakatawa ka na ngayon.” Hawak niya ito sa baywang. Bagaman marunong itong lumangoy ay batid niyang lumalim ang bahaging iyon ng ilog.

“Yes... and I missed this, Miko,” sagot nito.

Hinapit niya ito palapit habang hindi inaalís ang tingin dito. “I missed... it, too,” he whispered. She was smiling as she looked up at him. Mayamaya ay bumitiw ito at lumangoy palayo sa kanya. He quickly followed.

May maliit na falls sa silangang bahagi ng ilog. Hindi iyon kaagad mapupuna dahil nakatago sa malalaking bato at makapal na puno ang nasa itaas ng burol. Malilim sa bahaging iyon kahit pa katanghaliang tapat. Doon niya inabutan si Arianne.

Itinapat nito ang sarili sa falls at nagpakasawa sa tubig. He wanted to stay watching her. Ini-enjoy nito nang husto ang pagbagsak ng tubig sa buhok, mukha at katawan nito. Her light colored dress was wet and almost revealed her body. Naaaninag niya ang makitid nitong baywang at ang suot na panloob.

Marahan, nilapitan niya ang dalagang nakapikit ang mga mata. Then he circled his arms around her. Bigla itong nagmulat at bahagyang inilayo ang sarili sa tapat ng falls. He pulled her tighter as he

nailed his eyes on her. Iginala niya ang tingin sa buong mukha nito partikular sa mga labi. Then he bent his head.

“M-Miko...” Mabilis na kumilos si Arianne para umiwas. He was stunned for a moment, subalit bago pa siya nakapagsalita ay kumalas na ito sa kanya at lumangoy pabalik sa pinanggalingan nila.



“Arianne!”

Nasa pampang na si Arianne nang madinig ang tawag ni Miko. Lumingon siya at nakitang kasunod lang niya ang binata. He tried to kiss her. She knew he would kiss her. And deep inside her ay gusto niyang panghinayangan na hindi iyon natuloy.

She remembered one moment that she thought of how to be kissed. Siyempre pa, gusto niyang ang magbibigay sa kanya ng unang halik ay ang lalaking mahal niya. She imagined someone kissing her. At sa isip niya ay ang imahe ni Miko ang kanyang nakita.

“Arianne...”

Napukaw ang sandali niyang pagmumuni-muni nang hawakan siya ng lalaki sa braso. She looked up at him. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit gusto niyang makita sa mga mata nito ang panghihinayang na nararamdaman din niya sa oras ng iyon. Bigla siyang nalito. What for were those

regrets? Why she suddenly would want to be kissed by him?

“Isuot mo ang polo shirt ko para hindi ka ginawin sa pag-uwi natin,” wika nito. Saka lang siya parang natauhan.

“O-oh... n-no, never mind...” She was still lost for words.

“Come on, Arianne. Palitan mo ang suot mong pang-itaas.”

Nakita niya nang hagurin siya nito ng tingin. Niyuko niya ang sarili at gusto niyang maeskandalo nang mabatid na kitang-kita pala ang katawan niya sa blusang nabasa. Awtomatikong itinaas niya ang mga braso para takpan ang sarili.

“S-saan ako magbibihis dito?” she asked, a little bit embarrassed. Kumilos si Miko. Kinuha nito ang polo shirt na nakasabit sa puno at iniabot sa kanya.

“You know a place where you can change your clothes. Parang hindi natin ginagawa ito noong bata tayo,” sagot nito.

She looked around. Walang ibang tao sa paligid. Ilang sandali pa’y kumilos na siya at hinanap ang kambal na puno sa di-kalayuan. Doon sila nagpapalit ng damit kapag naliligo sa ilog.



“You know, you can make up with your grades. Ang alam ko, may mga removal exams na

ibinibigay sa estudyanteng incomplete ang grades, pero depende iyon sa professor,” wika ni Miko kay Arianne. Nilapitan niya ito upang kausapin nang natagpuan niya sa balkonahe ng villa at sa wari niya ay may malalim na iniisip.

“Alam ko,” walang-ganang sagot nito. He stared at her. Mayamaya ay naiinis na sinapo nito ng palad ang mukha. “Oh, I feel stupid, Miko. I’m hopeless...”

“Arianne...” he murmured, caressing her hair. “Don’t say that. And you shouldn’t feel that. Mahirap ang kurso mo. At naniniwala akong ginawa mo ang lahat.”

“Pero bumagsak nga ako. At ang mas nakakahiya pa, sa dalawang major subjects ko.”

“Makakabawi ka rin,” he encouraged. He did not want to see her that way. Alam niyang wala itong hinangad kundi ang mapagbuti ang pag-aaral at makatapos kaagad.

She shook her head then looked up at him. “Gusto ko nang umuwi sa bahay, Miko.”



Tuwang-tuwa si Gilda na sumalubong kaagad pagtigil pa lamang ng kotse ni Miko sa tapat ng kanilang bahay. Ang binata na ang nagpasok ng mga bagahe nila. Nang nasa sala na sila ay kinumusta ng matandang babae ang farmhouse

pati ang mga tao roon.

Si Miko ang sumasagot sa mga tanong nito. May nakahandang tanghalian bagaman sampung minuto pa bago mag-alas-onse ng umaga. Halatang pinaghandaan ng tiyahin ni Arianne ang kanyang pag-uwi at ang pagdating ni Miko.

“Ang dating silid na tinutuluyan mo, Miko, ang siya kong inihanda para sa pagdating mo. Sana ay magtagal ka kahit isang linggo.”

“Huwag kayong mag-alala, 'Nang, sa susunod ay hahabaan ko ang pagtigil dito,” sagot ng binata.



Nagulat si Arianne nang mapasukan sa silid niya si Miko. Nakaupo ito sa kanyang kama habang nakatitig sa hawak na kuwadro. Nag-angat ito ng tingin nang maramdaman marahil ang pagpasok niya. Siya naman ay sandaling itinulos sa kinatatayuan nang matiyak kung ano ang tinitingnan nito.

“Picture natin ito n’ung high school graduation ko. Paanong hindi ko alam na may kopya ka nito?” he asked, smiling. His eyes were sparkling as they stared at her.

Nag-apuhap siya ng isasagot. “S-si... si Mommy... si Mommy ang nanghingi ng kopya kay Tita Cristina.”

“But you’re the one who framed and displayed

it here, right?”

She furrowed her brows. “I... I... was also in that picture....”

Tumawa ito. “Bakit defensive ka? Tinatanong ko lang naman.” Ibinalik nito sa side table ang kuwadro bago tumayo at nilapitan siya. “Natutuwa ako, Arianne. Somehow, I believe na hindi mo ’ko nalilimutan. Na bahagi pala ako ng pribado mong mundo dahil sa larawan nating iyan.”

She was stunned. Tila nag-tumbling ang kanyang dibdib sa pagkakatitig dito. At isang damdamin ang tila gustong umusbong sa puso niya sa pagkakataong iyon.

“Magpapaalam na ako...” mahinang wika nito, subalit sapat para madinig niya.

Her heart fell. Ganoon ba ang naramdaman niya nang sabihin nitong sa Maynila na ito magpapatuloy ng pag-aaral? No. It was different. Ibang klaseng lungkot ang nadarama niya ngayon. Gayunma’y pinilit niyang magbuka ng bibig.

“Y-yeah... Ingat na lang,” mahinang tugon niya na tila ba kapag nilakasan niya nang kahit bahagya lamang ay gagaralgal ang kanyang tinig. At tiyak na mababatid ng kaharap ang nararamdaman niya sa oras na iyon.

“Think about my suggestion. Tawagan mo na agad si Tito Daniel dahil natitiyak kong papayag

sila.”

Arianne absently took notice of what he just said. Napatango na lamang siya at iniwas ang tingin dito. Naramdaman niya nang hawakan at kabigin siya nito. And she was foolishly thinking na sana ay hindi sa ganoong pagkakataon niya nakilala ang binata. She choked and suddenly wanted to cry. Di niya napigilan ang sariling gumanti ng yakap.

